# Batang may K!




**Komiks tungkol sa karapatan ng mga bata**

PhilRights




Ang komik na ito ay inilathala
ng **Philippine Human Rights Information Center (PhilRights)**
Isang institusyon ng **Philippine Alliance of Human Rights Advocates (PAHRA)**

Likhang sining ni Nadine
Naulila dahil sa kampanya kontra droga


Pag ma mahal sa Kaibigan
Mabait ka
Nagma mano
mabait na bata
mabait ako kapag mabait
Nagma mano kapag nagsimba
Mabait ako
Palabigay ako
nag baba ako
Palasim ba ako
Mabuti ako nag aaral



Pag ma mabait sa Kaibigan
Mabait ka
Nagma mano
Nagma no kapag nag simba
Masaya ako kapag kasama ko ang kaibigan ko
mabait ako kapag mabait sila
mabait na bata
Mabait ako
Palabigay ako
Masaya parin ako
Palasimba ako
Mabuti ako nag aaral

**Pambungad**

Ang karapatan ng bata ay mga karapatang pantao.

Ang bata ay may mga karapatan at dignidad na kapantay ng lahat ng tao. Ito ang pundasyon ng karapatang pantao na dapat igalang at matamasa ng bawat isa upang mabuhay ng may dignidad.

Nararapat maipaalam at mapaunawa sa lahat ng tao ang karapatan ng mga bata laluna't patuloy na nayuyurakan at nalalabag ang karapatan at dignidad ng mga bata. Kabilang dito ang mga patakarang pinapatupad ng Estado tulad ng kampanya laban sa droga kung saan nadadamay ang mga bata at nagresulta sa kanilang pagkaulila, diskriminasyon, pagtigil sa pag-aaral, at paglala ng kahirapang kinasasadlakan ng kanilang pamilya.  Dagdag pa rito ang isinusulong na panukalang pababain ang edad ng kriminal na pananagutan ng mga bata sa 12 na maglalagay lamang sa kanila sa higit na kapahamakan.

Inilathala ng Philippine Human Rights Information Center (PhilRights) ang komiks na ito upang makatulong sa pagpapataas ng antas ng kaalaman ng mga tao ukol sa karapatan ng mga bata. Inaasahan naming ang komiks na ito ay makakaambag sa paghikayat sa mga taong kumilos   tungo sa pagrespeto, pagprotekta, at pagbibigay katuparan sa mga karapatang ito. Obligasyon ng lahat ng taong lumaki ang mga bata sa isang lipunan kung saan natatamasa nila ang kanilang mga karapatan at nabubuhay sila ng may dignidad.


**NYMIA PIMENTEL-SIMBULAN, Dr. PH**
Executive Director


!!
Batang may K!
BATANG MAY K?
ATE MAYA, ANO 'YAN?



KALARO?
KAIBIGAN?
HINDI MAC-MAC.
ANG IBIG SABIHIN NUN, “**KARAPATAN**”.
BATANG MAY “KARAPATAN.”


ANG LABO NAMAN, ATE!
HINDI KO MAINTINDIHAN...
SIGE, IPAPALIWANAG KO SA’YO.
PERO UMUWI MUNA TAYO.
SIGURADONG HINIHINTAY NA TAYO
NINA NANAY AT TATAY.
IODIZED
SALT
SOY
SAUCE


SALAMAT NAMAN AT NAKARATING NA KAYO! AKALA KO MALULUTO NA 'TONG ULAM NATIN NA WALANG PAMPALASA.
MAY NAKITA KASI KAMING POSTER NG "BATANG MAY K!" NAGTATANONG SI MAC-MAC KUNG ANO 'YUN.
ALAM NIYO DIN PO BA 'YUN, 'NAY? NAGPAPAKWENTO AKO KAY ATE EH.
MAGANDANG PELIKULA 'YAN, ANAK. KWENTO 'YAN NG MGA MAGKAKAIBIGANG HIRAP SA BUHAY, TAPOS HABANG TUMATAGAL AY NALAMAN NILA ANG MGA KARAPATAN NILA BILANG BATA.
TAMA! NAKATULONG ANG KAALAMAN NILA PARA MAS MAGING MAAYOS ANG BUHAY NILA.
???
EH, ANO PO BA ANG KARAPATAN NG MGA BATA?



ANAK, **LAHAT NG BATA AY MAY KARAPATAN**. IBIG SABIHIN NIYAN, BAWAT BATA SA MUNDO, KAHIT SINO PA SIYA O ANO PA SIYA, AY MAY **KARAPATANG MAGKAROON NG MAAYOS NA BUHAY**.
AY TEKA, BALIK NA MUNA KAMI NI NANAY SA PAGLULUTO. DOON NA MUNA KAYO SA SALA MAG-KWENTUHAN.
KAHIT BA AKO, ATE, KASALI SA MAY KARAPATAN?
OO, MAC-MAC. IKAW, AKO, AT LAHAT NG BATA NA MAY EDAD 17 PABABA AY ITINUTURING NA BATA. IBIG SABIHIN, LAHAT TAYO AY MAY KARAPATAN.
AYOS PALA. PERO MASAYA NAMAN AT MAAYOS ANG BUHAY KO KASI INAALAGAAN TAYO NINA NANAY AT TATAY.
TAMA KA, MAC-MAC. AT SANA LAHAT NG BATA TULAD NATIN.
NATATANDAAN KO RIN PALA, SABI DOON SA BATANG MAY K, MAYROON APAT NA GRUPO ANG KARAPATAN NG MGA BATA.
ANO NAMAN ANG MGA GRUPONG 'YUN, ATE?
UNA, MAYROON TAYONG **SURVIVAL RIGHTS** O **KARAPATANG MABUHAY**. KASAMA RITO ANG KARAPATAN NATING MATUGUNAN ANG ATING MGA PANGUNAHING PANGANGAILANGAN TULAD NG...


KARAPATANG MAKAKAIN NG SAPAT
AT MASUSTANSYANG MGA PAGKAIN


MAGKAROON NG
MAAYOS NA TIRAHAN


AT MABIGYAN NG
SERBISYONG MEDIKAL


AHHH, TAMA! KASI PAANO TAYO MABUBUHAY KUNG HINDI TAYO NAKAKAKAIN AT KUNG WALA TAYONG BAHAY? ANG HIRAP NAMAN NUN!
MAHIRAP TALAGA, MAC-MAC. KAYA DAPAT TALAGA SINISIGURONG NAKAKAMTAN NATIN ANG MGA KARAPATANG ITO.


BUKOD DIYAN, MAYROON DIN TAYONG
DEVELOPMENTAL RIGHTS
O KARAPATANG UMUNLAD.
ITO AY TUMUTUKOY SA
MGA KARAPATAN NATIN NA...
MAKAPAG-ARAL AT MABIGYAN
NG IBA'T IBANG IMPORMASYONG
MABUTI PARA SA ATIN


MAKAPAGLARO AT MAKAPAGLIBANG
LUMAHOK SA MGA GAWAING PAMPAMAYANAN GAYA NG PISTA AT SAYAWAN
AT KALAYAANG MAKAPILI NG RELIHIYON



TAYONG DALAWA, MAC-MAC, NATATAMASA NATIN ANG MGA KARAPATANG UMUNLAD KASI PINAPAG-ARAL TAYO NINA NANAY AT TATAY.
PATI LAGI AKONG NAKAKAPAGLARO, ATE!
HAHAHA! KAYA SIGURO AKALA MO ANG IBIG SABIHIN NG "BATANG MAY K" AY BATANG MAY KALARO.
SIGE ATE, MANG-ASAR KA PA.
HINDI KITA INAASAR, MAC-MAC! WAG KA NA MAGALIT. OKAY NGA 'YANG MAYROON KANG MGA SARILI MONG OPINYON.
ISA RIN KASI YAN SA MGA KARAPATAN NATIN - 'YUNG **PARTICIPATION RIGHTS** O **KARAPATANG MAKILAHOK.**
ANO NAMAN ANG SINASABI DIYAN, ATE?
SA KARAPATANG MAKILAHOK, DIYAN PUMAPASOK 'YUNG KARAPATAN NATING MAGPAHAYAG NG SARILI NATING MGA OPINYON, LALO NA SA MGA BAGAY NA MAKAAAPEKTO SA BUHAY NATIN.
MAHALAGA DITONG IRESPETO AT SERYOSOHIN NG MGA NAKATATANDA ANG MGA OPINYON AT DESISYON NG MGA BATA.
AT SIYEMPRE, KASAMA RIN DIYAN YUNG KARAPATAN NATIN NA SUMALI O MAGBUO NG MGA SAMAHAN
MATH Club
SCIENCE CLUB
HISTORY CLUB
LITERATURE CLUB


OOOH, KAYA PALA SABI NI NANAY, OKAY LANG KUNG GUSTO KONG SUMALI SA BARANGAY YOUTH CLUB.
ABA, OKAY 'YAN, MAC-MAC. SIGURADO AKONG MAG-EENJOY KA KASAMA ANG IBA PANG MGA BATA. AT MAKAKATULONG DIN KAYO SA IBA.
MUKHANG OKAY NGA, ATE, KASI 'YUNG YOUTH CLUB AY TUMUTULONG SA MGA BATA LALO NA SA MGA BATANG WALANG NAG-AALAGA.
MAGANDANG GAWAIN 'YAN. BUKOD KASI SA KARAPATANG MABUHAY, KARAPATANG UMUNLAD, AT KARAPATANG MAKILAHOK, MAYROON DIN TAYONG TINATAWAG NA **PROTECTION RIGHTS** O **KARAPATANG MAPROTEKSYUNAN**.
ETO BA ATE 'YUNG PAG-PROTEKTA SA MGA BATA LABAN SA MGA MASASAMANG TAO?
OO, 'YUN NA NGA. KARAPATAN DIN KASI NG LAHAT NG BATA NA MAPROTEKTAHAN SA LAHAT NG KLASE NG PANG-AABUSO AT PAGPAPABAYA.


ISANG KASAMA RITO 'YUNG MAILAYO TAYONG MGA BATA SA CHILD LABOR O 'YUNG PAGTATRABAHO HABANG BATA PA.
KAILANGAN DING SIGURADUHING MAY PROTEKSYON KAHIT ANG MGA BATANG NASANGKOT SA MALING GAWAIN. HINDI NAMAN KASI IBIG SABIHING MAY MALI SILANG NAGAWA AY OKAY LANG NA MAPABAYAAN SILA.
AT ISA PA, DAPAT RING MAKAPAGBIGAY NG ESPESYAL NA PANGANGALAGA AT PROTEKSYON PARA SA MGA BATANG NAKARANAS NG MGA PANG-AABUSO AT PAGPAPABAYA.


SINO BA ATE ANG DAPAT MAG-SIGURO NA NAPOPROTEKTAHAN ANG MGA BATA?
LAHAT, MAC-MAC.
DAPAT PINANGANGALAGAAN TAYO NG ATING MGA MAGULANG, GURO AT IBA PANG NAKATATANDA.
SYEMPRE, PANGUNAHIN DAPAT ANG GOBYERNO SA PAGRESPETO, PAGPROTEKTA AT PAGTUGON SA KARAPATAN NG LAHAT NG MGA BATA.
KASAMA RIN BA AKO SA TAGA-PROTEKTA, ATE?
OO, PATI RIN AKO AT LAHAT NG MGA BATA. DAPAT SIGURADUHIN NATING LIGTAS AT PROTEKTADO ANG MGA KAPWA NATING BATA.


PERO HINDI LANG 'YAN, MAC-MAC. IMPORTANTE RING SIGURADUHIN NA LAHAT NG MGA KARAPATAN AY NATATAMASA NG BAWAT BATA PARA MAGKAROON TAYO NG MAAYOS NA BUHAY.
ANONG IBIG SABIHIN MO, ATE?
MAGKAKAUGNAY KASI ANG MGA KARAPATAN, MAC-MAC. HALIMBAWA, NAKAAAPEKTO SA KARAPATAN SA KALUSUGAN ANG PAGKAKAROON NG MAAYOS NA TIRAHAN.
AHHH, KASI IBIG SABIHIN 'PAG WALA KANG BAHAY NA NASISILUNGAN, MAS MADALI KANG MAGKAKAROON NG MGA SAKIT?
GANOON NA NGA, MAC-MAC. NAIINTINDIHAN MO NA BA?
OO, ATE. SALAMAT HA. NGAYON ALAM KO NA ANG MGA KARAPATAN KO.







SANA NGA, MAC-MAC.




KUMUSTA KAYA ANG MGA KARAPATAN NG MGA BATA DIYAN SA INYO?
IKWENTO MO NAMAN SA AMIN NI ATE MAYA!




**Philippine Human Rights Information Center (PhilRights)**
53-B Maliksi St., Brgy. Pinyahan, 1100
Quezon City, Philippines
Tel. (+632) 3433 1714 and (+632) 8426 4048
Email: info@philrights.org
Website: www.philrights.org

Facebook: @HumanRightsPhilippines
Twitter: @PhilRights
Instagram: @philrights

**Permiso sa Reproduksyon:** Ang impormasyon sa materyal na ito ay maaaring ipamahagi para sa mga hindi pang-komersyal na gawain, bahagi man nito o kabuuan at sa anupamang pamamaraan, nang walang hihinging permiso mula sa institusyon. Kinakailangan lamang ang pag-iingat sa pag-siguro ng kawastuhan ng impormasyon; na ang institusyon ay mababanggit bilang pinagmulan ng impormasyon; at ang impormasyon ay hindi ipakikila na opisyal na bersyon na nilikha na may kaugnayan o pag-endorso ng Philippine Human Rights Information Center (PhilRights).


gutom



Likhang sining ni Jenny
Naulila dahil sa kampanya kontra droga


HOME